

Oktubre 1, 2026

Minamahal na miyembro ng Medi-Cal,

Maaaring narinig na ninyo na ang mga tuntunin ng Medi-Cal ay nagbabago dahil sa isang bagong pederal na batas. Nililimitahan ng pamahalaang pederal kung ano ang saklaw nito para sa mga tao na may ilang partikular na mga katayuan sa imigrasyon. Gayunpaman, mapapanatili ninyo ang inyong buong saklaw ng Medi-Cal.

Magandang Balita! Mapapanatili ninyo ang inyong buong nasasakop ng Medi-Cal dahil nakatira kayo sa California. Hindi hihinto ang inyong saklaw.

Saklaw pa rin ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa ibaba, at marami pa:

- Mga pagbisita sa doktor at mga regular na check-up
- Emerhensiya at agarang pangangalaga
- Pangangalaga sa pagbubuntis at pag-iwas sa panganganak
- Gamot, mga medikal na suplay at mga pagsusuring medical
- Espesyal na pangangalaga
- Pangangalaga sa ngipin, pangangalaga sa paningin, salamin sa mata, at mga tulong sa pandinig
- Pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan
- Pangangalaga sa paa
- Paggamot para sa pagkalulong sa alak at droga
- Mga pagsakay-sakay papunta sa doktor at upang kumuha ng gamot
- Tulong sa loob ng tahanan upang manatili kayong ligtas sa tahanan

Kung Paano Ninyong Naa-akses ang Pangangalaga ng Medi-Cal ay Nagbabago

Dahil sa mga patakarang pederal, sa Enero 1, 2027, hindi na kayo magiging miyembro pa ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Sa halip, kayo ay magiging miyembro ng isang “regular” na Medi-Cal na tinatawag din na Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal. Ang “regular” na Medi-Cal ay hindi nangangahulugang magbabayad kayo. Medi-Cal pa

rin ang magbabayad ng pangangalaga sa inyo.

Sa “regular” na Medi-Cal:

- Hindi kayo mapapabilang sa isang planong pangkalusugan.
- Maaari pa rin kayong pumunta sa sinumang doktor, sa alinmang klinika, ospital, o tagapagkaloob na tumatanggap ng “regular” na Medi-Cal.
- Gagamitin ninyo ang inyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), na tinatawag ding Medi-Cal card, sa halip na card para sa planong pangkalusugan.
- Ang ilang serbisyong umiiral lamang sa mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay hihinto, ngunit maraming iba pang mga serbisyo ang mananatiling pareho.

Sa Disyembre, padadalhan namin kayo ng isa pang liham na may karagdagang impormasyon tungkol sa “regular” na pagbabagong ito sa Medi-Cal, kung paano makakapag-akses ng pangangalaga, at marami pa.

Ano Ang Kailangan Ninyong Gawin

- **Kailangan ng Medi-Cal ang wastong impormasyon upang matulungan kayo na manatiling saklaw.**

Mangyaring tiyakin na nasa amin ang inyong **kasalukuyang katayuan sa imigrasyon**. Ginagamit ng lokal na tanggapan ng Medi-Cal sa inyong county ang impormasyong ito upang matulungan kayong matanggap ang lahat ng benepisyong karapat-dapat ninyong matanggap. Maaaring makipag-ugnayan sa inyo ang county upang humingi ng napapanahong impormasyon.

Kung nagbago na ang inyong katayuan sa imigrasyon, o kung sa palagay ninyo ay maaaring wala sa county ang pinakakasaluluyang impormasyon tungkol sa inyo, mangyaring isapanahon ang inyong impormasyon sa lalong madaling panahon. Kailangang ibigay ninyo ang napapanahong impormasyon tungkol sa inyong imigrasyon sa Disyembre 1, 2026.

Paano isasapanahon ang inyong impormasyon:

- Bisitahin ang <https://benefitscal.com>.
- Tumawag o bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal sa county.
- Hanapin ang tanggapan ng inyong county dito: <https://dhcs.ca.gov/COL>.



- Maaari rin kayong tumawag sa Medi-Cal Helpline sa 1-800-541-5555 para sa tulong sa paghahanap ng tanggapan ng iyong county.
- Tanungin ang inyong kasalukuyang doktor o klinika kung tumatanggap sila ng “regular” na Medi-Cal.
 - Kung sila ay sumagot ng oo, maaari kayong magpatuloy sa pagpunta doon.
 - Kung sila ay sumagot ng hindi, kakailanganin ninyong pumili ng isang bagong doktor na tumatanggap ng “regular” na Medi-Cal.
- Maaari kayong pumili ng isang “regular” na doktor ng Medi-Cal sa pamamagitan ng:
 - Pagtawag sa Medi-Cal Helpline sa 1-800-541-5555.
 - Paggamit ng Medi-Cal FFS Provider Lookup tool sa: <https://bit.ly/Medi-CalProviderLookup>.
 - Paggamit ng online na listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal FFS sa: <https://bit.ly/Medi-CalProviderList>.
- Gamitin ang inyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), tinatawag din na Medi-Cal card, para sa pangangalaga simula Enero 1, 2027.
 - Kung ang inyong BIC ay nawala, ninakaw, o nasira, magtanong sa tanggapan ng iyong county o bisitahin ang <https://benefitscal.com> para sa isang kapalit.
- Buksan, punan, at ibalik ang anumang sulat mula sa koreo na makukuha ninyo mula sa Medi-Cal. Tutulong ito sa inyo na ma-renew at mapanatili ang inyong Medi-Cal. Kung may isang notipikasyon na humihiling sa inyo na magbigay ng impormasyon o kumpletuhin ang isang pagre-renew, tumugon bago ang nakalistang takdang panahon. Kung hindi ninyo naiintindihan ang kahilingan, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal sa county para sa tulong bago ang takdang panahon.

Mga tanong?

- Tumawag sa DHCS Medi-Cal Helpline upang malaman kung ano ang saklaw ng Medi-Cal: 1-800-541-5555.
- Tumawag o bumisita sa tanggapan ng Medi-Cal sa inyong county para sa mga tanong tungkol sa inyong kaso: <https://dhcs.ca.gov/COL>.
- Mag-online upang madagdagan ang kaalaman: www.dhcs.ca.gov/Medi-Cal/Pages/changes.aspx.



- Mag-email ng mga tanong tungkol sa patakarang ito sa:
ImmigrationPolicy@dhcs.ca.gov.
- Ang California Department of Social Services Immigration Services Bureau ay may isang listahan ng mga pinagkakatiwalaang non-profit na grupo na tumutulong sa mga imigrante sa California:
<https://www.cdss.ca.gov/inforesources/immigration/contractor-contact-information>.

Makakakuha kayo ng libreng tulong sa iba pang mga wika at format tulad ng malaking pagkalimbag, audio, at Braille. Tumawag sa mga numero ng telepono na nasa polyeto ng Mga Serbisyo sa Wika na kasama ng sulat na ito.

Salamat,
Department of Health Care Services

